International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 18-38

# Experiences of Educators in Teaching Listening Skills: A Phenomenological Study on a Rural Public School

**Rodolfo M. Agon**
Sultan Kudarat State University
email: rodolfo.agon@deped.gov.ph

**Armando S. Dardo Jr.**
Sultan Kudarat Polytechnic State University

**Abstract**

This study aims to examine and understand the experiences of teachers in teaching listening skills to students in a rural public school. A phenomenological approach was used as a method to describe and share their personal experiences, challenges, and strategies used to improve students' listening skills. Through interviews and in-depth data analysis, various issues were identified, such as the lack of knowledge about strategies, limited teacher training, and environmental factors that may affect the effective teaching of listening. Effective strategies were discovered, including the use of modern technology, integration of interactive activities, and providing contextualized learning experiences. The study shows that it is essential to provide adequate support and training to teachers to enhance their ability to teach listening effectively. This highlights the need to enrich teaching methods to improve the listening skills of students in rural public schools.

**Keywords:** *phenomenological, listening skills, rural, contextualized learning experiences, modern technology*

## Panimula

Ang pakikinig ay isang napakamahalagang kasanayan sa komunikasyon na may malaking papel sa pagkatuto ng bawat mag-aaral. Sa konteksto ng edukasyon, ang epektibong pagtuturo ng pakikinig ay isang hamon para sa mga kaguruan, lalo na sa mga rural na pampublikong paaralan kung saan maaaring limitado lamang ang mga kagamitan at oportunidad para sa mas makabago at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo. Ang pakikinig ay hindi lamang isang mekanikal na proseso ng pagtanggap ng tunog o salita; ito rin ay isang aktibong kasanayan na nangangailangan ng malalim na pag-unawa at interpretasyon. Sa mga paaralan, partikular na sa mga asignaturang may kaugnayan sa wika, ang pakikinig ay may mahalagang papel sa pagkatuto. Ang mga mag-aaral ay hindi lamang inaasahang makinig, kundi maging handang magbigay ng reaksyon, magtanong, at magbigay ng opinyon base sa kanilang narinig. Malaki ang ginagampanan ng isang guro, ang kanilang karanasan at diskarte sa pagtuturo ng kasanayan sa pakikinig ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo na gagamitin sa paghubog ng kasanayan ng bawat mag-aaral.

Isa sa pag aaral ng UNESCO (2023), ang pakikinig ay isa sa mahahalagang aspekto ng komunikasyon na madalas na pinag-aaralan lalo na sa mga larangan ng edukasyon, negosyo, at sikolohiya. Halos 45-55% ng oras ng komunikasyon ng mga mag-aaral ay ginugugol sa pakikinig. Ang epektibong pakikinig ay nakapagdudulot ng mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip (Beebe, et al., 2017). May mga pag-aaral na nagsasabing na sa iba't ibang bansa, nakikita ang kahalagahan ng mahusay na pakikinig upang mapalakas ang kakayahang akademiko at personal na pag-unlad ng mga mag-aaral. Ilan sa mga global na aspekto kaugnay ng pakikinig sa edukasyon ay ang pokus sa 21st Century Skills. Una ang kasanayan sa pakikinig ay nakapaloob sa tinatawag na *21st Century Skills*, na napapabilang ang kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, at komunikasyon. Ikalawa ay ang mga Hamon dala ng makabagong teknolohiya, sa maraming bansa nagkaroon ng digital transpormasyon sa edukasyon. Ikatlo ang pagkakaiba ng mga pamamaraang pedagogical. Ang mga bansang katulad ng Finland at Singapore na may mataas na antas ng kalidad ng edukasyon, inuuna ang *student-centered learning*, na naging sentro ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagsasanay ng pakikinig sa mga talakayan at malikhaing aktibidad.

Sa Pilipinas, bahagi ng mga aralin sa Filipino at Ingles ang pagtuon sa pag-unawa ng nilalaman ng kwento, talumpati, at diskusyon, ayon sa Programa ng *Basic Education Curriculum* ng DepEd K-12. Sa konteksto ng bansang Pilipinas, ilan sa mga mahahalagang aspekto na dapat isaalang-alang ay ang Kalidad ng Edukasyon sa Rural na Lugar. Ang mga pampublikong paaralan sa rural na lugar ay madalas na nahaharap sa kakulangan ng mga kagamitan, guro, at suporta mula sa lokal na pamahalaan, na nakakaapekto sa pagtuturo ng kasanayan sa pakikinig. Ang Pagtuturo ng Kasanayan sa Pakikinig, sa K-12 curriculum ng Pilipinas, binibigyan ng diin ang kasanayan sa pakikinig bilang mahalagang aspekto ng komunikasyon, lalo na sa asignaturang Filipino at Ingles. Ang kakayahang makinig nang epektibo ay nakakatulong sa mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto at interpersonal na pakikipag-ugnayan. Ang mga mga hamon sa pagtuturo ukol kakulangan sa pagsasanay. Kadalasan, limitado ang akses ng mga guro sa mga seminar at pagsasanay sa mga rural na lugar ukol sa epektibong pagtuturo ng pakikinig. Ang kasanayan sa paggamit ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education* (MTB-MLE) ay kadalasan nagiging hamon sa mga guro na kailangang magturo gamit ang wika ng rehiyon.

Ilan sa mga aspekto ng lokal na konteksto ng mga paaralan sa Lungsod ng Tacurong na maaaring isama ay ang Demograpikong Kalagayan ng Komunidad. Kabilang dito ang populasyon ng mga paaralan, pangkalahatang antas ng edukasyon, katangian ng mga mag-aaral (tulad ng wika, antas ng interes, at kasanayan sa pakikinig) at kakayahan ng mga magulang sa pagsuporta sa pag-aaral ng mga anak sa bahay. Ang mga naging epekto ng pangunahing wika sa komunidad (*mother tongue*) sa paggamit ng Wikang Filipino o Ingles bilang pangalawang wika. Maging ang mga kaugalian at tradisyon sa komunidad ay maaaring nakakaapekto sa aktibong pakikinig ng mga mag-aaral (Blatchford et al. (2011).

Gayunpaman, maraming mga pag-aaral ang nakasentro sa pakikinig. Ang isang taong bihasang magsalita ay higit na nakakakuha ng respeto mula sa ibang tao. Hindi makaaasang magiging mahusay ang mga mag-aaral kung hindi mahusay ang minomodelo nito - ang mga guro (Evangelista, 2012; Mabaglo, 2015). Ang gap na ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan sa mas masusing pag-aaral ngunit iilan lamang na ang pangunahing layunin ay pagpapayabong ng makrong kasanayan ng mga pag-aaral lalo na sa kasanayan sa pakikinig ng papel na pananaliksik.

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig sa mga rural na pampublikong paaralan sa taong panuruan 2024-2025 na magiging basehan upang mapaunlad ang pagtuturo gamit ang kasanayang ito.

## Teoretikal na Balangkas ng Pag-aaral

Ito ay ang pag-aaral na naglalarawan ng mga teorya at konseptong gagabay sa pagsusuri sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig. Inilalarawan ang Teorya ng teoretikal na balangkas sa mga sumusunod.
Una ang *Cognitive Theory* ni Jean Piaget. Ito ang teoryang nagpaliwanag ng epekto ng dami ng impormasyong natatanggap ng mag-aaral sa kanilang proseso ng pagkatuto. Sa konteksto ng pakikinig, mas mainam na bigyan ng diin ng mga guro ang pagbibigay ng *manageable input* at paggamit ng mga estratehiya ng sa ganon mabawasan ang *cognitive overload* ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na natuklasan nina Mulatu at Regassa (2022), hindi sinusunod ng mga guro ang mga iminungkahing techniques at pamamaraan sa pagtuturo. Bilang isang modelo, ang pagpapaalam sa mga mag-aaral na mahuhusay na mambabasa na magbasa, ang artilukasyon ng mga salita sa agarang pagwawasto ng mali, at bilang pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral na may mababang kasanayan sa pagbasa, isinasalin ang mga talata sa pagbasa sa katutubong wika ng mga mag-aaral.

Ikalawa Teorya ng *Multisensory Learning* ni Dr. Samuel T. Orton. Binibigyan ng diin ng teoryang ito ang paggamit ng iba't ibang pandama (*visual, auditory, kinesthetic)* upang mapaunlad ang pagkatuto (Narvaez & Panksepp, 2010). Ang pag-aaral na pinaghahalo ang mga *digital* at tradisyunal na paraan ng pagtuturo ay ang istilong *blended learning* (Gonzales, 2020). Ito ang pagkakataon na ibinibigay upang maging aktibo sa intekrasyon ang mga mag-aaral (Clavero, 2022). Isang malaking hamon para sa mga mag-aaral ang paraan kung paano gamitin ang blended learning upang maitaya ang kanilang pagkatuto (Cabigao, 2021).

Ikatlo ang teorya ni Gardner na *Multiple Intelligences*. Ipinapakita rito ang iba't ibang uri ng talino, kabilang rito ang lingguwistika, *visual* (paningin), *kinesthetic* (galaw), Inteligensiyang Naturalista at Pang-eksistensiyal na Intelihensya. Sa pag-aaral ni Vinney (2024), ang patern ay ipinapakilala bilang mahalagang pagsasanay ng mga laro at problema sa matematika dahil napapahusay ang pag-unawa sa mga patern. Mas madali at epektibo ang paglulutas sa paghahati ng problema kung ito'y hahatiin sa mas maliit na bahagi.

Ikaapat ang Teorya ng *Metacognition* ni John H. Flavell. Sa pag-aaral ni Larkin (2023), kanyang natuklasan kung paano ang mga indibidwal, partikular ang mga bata, ay bumuo ng kakayahang subaybayan at kontrolin ang kanilang sariling proseso ng pag iisip upang mapabuti ang kanilang pagkatuto.

Upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin, nakatulong ang paggamit ng mga tunog, larawan at mga akbidad. Mas madali nilang makuha ang mga mensahe kung ang mga ito ay kanilang naisasagawa gamit sa malikhaing pagbuo ng guro ng mga kasanayang pagkatuto sa tulong ng paggamit ng *Differentiated instruksyon* (Tomlinson, 2001). Ayon sa pag-aaral ni

Ypon (2020), kinakailangang bigyan ng pokus para sa ikatatagumpay ng layunin ng edukasyon ang pagtuturo na *student centered*, dahil ang mga mag-aaral ang pangunahing pakay ng edukasyon.

**Paglalahad ng mga Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito na ilarawan ang pananaw sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig. Hangad ng mananaliksik na mabigyan ng angkop na kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga karanasan ng mga guro gamit ang kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral sa paaralang tinururuan?
2. Ano ang mga konteksto ng mga karanasan ng guro sa silid-aralan sa paggamit sa kasanayan sa pakikinig?
3. Paano tinitingnan ng mga guro ang kanilang sarili sa hinaharap sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig?
4. Ano ang maaring maimungkahing pagpapahusay para sa mga kaguruan na tutugon sa kasanayang pakikinig?

**Metodolohiya ng Pag-aaral**

Ilalahad sa bahaging ito ang mga gagamitin sa pag-aaral. Kabilang dito ang disenyo ng pag-aaral, kalahok, lokasyon, instrumentong gagamitin, proseso sa pangangalap ng datos at istatiskal tritment.

**Disenyo ng Pag-aaral**

Isang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito, partikular na ang Penomenolohiyang Transendental sa paglalarawan at pagsusuri sa mga pananaw ng mga guro sa papel ng pakikinig sa pagkatuto. Ang Penomenolohiya ay isa sa mga epektibong metodolohiya ng pananaliksik na ginagamit upang tuklasin ang mga karanasan ng mga kalahok at malaman ang kalikasan ng kanilang mga persepsyon (Moustakas, 1994).
Sa tulong ng paggamit ng pamamaraang ito, sinisiyasat ng pag-aaral ang natatanging pananaw ng mga kaguruan, na nalalaman ang kanilang mga pananaw at pag-unawa sa pakikinig bilang kasangkapan para sa pagkatuto.

**Lokal na Pag-aaral**

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa mga paaralan ng Silangang Distrito ng Sangay ng Lungsod ng Tacurong, Sultan Kudarat kabilang rito ang Paaralang Sebtral ng Amado Fernandez, Paaralang Elementarya ng San Emmanuel at Paaralang Elementarya ng Victorina P. Dasmariñas. Ito ang mga napili ng mananaliksik bilang lokasyon sapagkat nagdulot ito ng positibong epekto sa paglutas sa kasalukuyang suliranin sa paaralan. Sa tulong ng pag-aaral na ito, nakabubuo ng mga solusyon at

akmang interbensyon na direktang tumutugon sa mga pangangailangan at hamon ng mga mag-aaral at guro.

**Sampling Teknik**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *purposive sampling*, isang non-*probability sampling method* upang matiyak na matukoy ang mga pangunahing kalahok na nagbigay ng masusing detalye tungkol sa penomenong pinag-aaralan. Sa *purposive sampling*, ang mga kalahok ay pinipili batay sa mga tiyak na pamantayan na naaayon sa mga layunin ng pananaliksik (Etikan et al., 2016). Isang pamamaraang kapaki-pakinabang sa mga pag-aaral na *Phenomenological*, kung saan ang layunin ay suriin nang malalim ang mga karanasan mula sa mga indibidwal na may direktang, kaugnay na karanasan sa paksa ng pananaliksik (Creswell & Poth, 2018).

Para sa pag-aaral na ito, sampung (10) guro ang sadyang pipiliin mula sa mga paaralan ng Silangang Distrito ng Sangay ng Lungsod ng Tacurong. Ang mga kalahok ay kasalukuyang nagtuturo sa Ikaanim na Baitang na may direktang karanasan sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig sa loob ng higit sa limang (5) taon.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang malalimang panayam bilang pangunahing pamamaraan para sa pangangalap ng datos. Narito ang ilang mga instrumento ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral. Nagkaroon ng malalimang interbyu sa mga kalahok sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig gabay ang istandardisadong gabay na tanong inihanda ng mananaliksik na hinalaw mula kay Moustakas (1994). Ang mga pahayag sa personal na karanasan, mga pangyayari, kilos at reaksyon ng mga kalahok ay itinala. Karagdagang kagamitan ang *tape recorder* o *cellphone* na maging kasangkapan upang maitala nang maayos ang mga detalye mula sa mga kalahok.

**Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Bago ang pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa Dekana ng Paaralang Gradwado sa Sultan Kudarat State University upang isagawa ang pag-aaral. Nang naaprubahan na, gumawa ng liham ang mananaliksik sa pagpapahintulot ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Lungsod ng Tacurong at sa Punonggurong Namamahala ng Silangang Distrito sa gagawing panayam sa mga piling kaguruan.

Bukod dito, ang mga kalahok ay nakatanggap ng oryentasyon tungkol sa mga detalye ng pag-aaral bago ang panayam. Gayundin, tiniyak sa kanila ang mga etikal na konsiderasyon ng pag-aaral, kabilang ang pagiging kumpidensyal. Sa pamamagitan nito, naisagawa ng mananaliksik ang katumpakan at katapatan ng mga kalahok sa pagsagot sa mga tanong sa panayam.

Ang oryentasyon ay nagbigay ng mahalagang pagkakataon para sa mananaliksik na makabuo ng tiwala at kumpiyansa sa mga kalahok, habang pinadadali din ang talakayan tungkol sa mga etikal na implikasyon ng pag-aaral. Samakatuwid, upang matiyak ang kredibilidad at paglilipat-lipat, ang gabay sa panayam na nilikha ng mananaliksik ay beneripika ng isang panel ng mga eksperto.

Ang mananaliksik ay naghanda ng mga aplikasyon para sa pagrekord na maaaring nasa anyo ng isang *cellphone* para sa pagsusuri ng datos at *transcription* sa panahon ng panayam. Ang tagal ng panayam ay magiging humigit-kumulang 60 hanggang 120 minuto sa pagbabahagi ng mga kalahok tungkol sa kanilang mga karanasan. Bukod dito, ang iskedyul ng panayam ay tutukuyin batay sa bakanteng oras ng bawat kalahok. Anuman ang mga pangyayari, kung pipiliin ng mga kalahok na itigil ang panayam dahil sa mga traumatiko na karanasan, agad na itatago ng mananaliksik na siya ring tagapanayam ang impormasyong iyon.

Bukod dito, ginamit ng mananaliksik ang *member checking* pagkatapos ng sesyon ng panayam (Creswell, 2013). Ang mananaliksik ay maglalatag ng ugnayan sa indibidwal sa pamamagitan ng paggamit ng nakalap na impormasyon. Sa susunod na yugto ng panayam, layunin ng mananaliksik na patunayan ang nakalap na datos sa pamamagitan ng masusing pagpapaliwanag sa mga detalye ng pag-aaral. Ang pamamaraang ito ay naglalayong magtaguyod ng tiwala at tiyakin ang bisa at katumpakan ng datos na nakuha sa paunang panayam.

**Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos**

Upang isasagawa ng pagsusuri ng datos ng pag-aaral na ito, gagamitin ng mananaliksik ang tematikong pagsusuri. Ayon sa pamamaraan ni Moustakas, ang tematikong pagsusuri ay binibigyang-diin ang pagtukoy, pagsusuri, at pag-uulat ng mga pattern at tema sa loob ng datos. Inoorganisa at ilalarawan nito ang lahat ng datos nang detalyado. Mayroong anim (6) na hakbang na sakop sa thematic na analisis:

**Pagpapakilala sa mga datos.** Ang mananaliksik ay magbabasa at muling magbabasa ng datos upang maging pamilyar sa mga pangangailangan ng datos at bigyang-pansin ang mga pattern na lumilitaw. Dapat tapusin ng mananaliksik ang pangangalap ng datos.

**Pagbuo ng mga paunang kodigo at tema (Mga Paunang Tema).** Ang mananaliksik ay bumubuo ng mga paunang kodigo sa paraang pagdodokumento kung saan at paano lumilitaw ang mga pattern. Nangyayari ito sa pamamagitan ng pagbawas ng datos, kung saan pinagsasama-sama ng mananaliksik ang datos sa mga label upang makalikha ng mga kategorya para sa mas mabisang pagsusuri. Ang komplikasyon ng datos ay natatapos din dito. Kasama rito ang paggawa ng mga inferensya ng mananaliksik tungkol sa kahulugan ng mga code.

**Paghahanap ng mga tema (Mga nakalumpung tema).** Pagsasamahin ng mananaliksik ang mga code sa malawak na mga tema na tumpak na naglalarawan ng datos. Mahalaga na bumuo ng mga tema na eksaktong naglalarawan kung ano ang ibig sabihin ng tema, kahit na hindi ito akma. Ang mananaliksik ay lilinawin din kung ano ang kulang sa pagsusuri.

**Pagsusuri ng mga tema.** Ito ang hakbang na susuriin ng mananaliksik kung paano sinusuportahan ng mga tema ang datos at ang pangkalahatang teoretikal na pananaw. Kung tila hindi kumpleto ang pagsusuri, kailangang bumalik ng mananaliksik at hanapin kung ano ang kailangang idagdag.

**Pagtukoy at pagbibigay ng pangalan sa mga tema (mga umuusbong na tema).** Ang mananaliksik ay maglalarawan ng bawat tema, kung aling mga aspeto ng datos ang nahuli, at kung ano ang kawili-wili tungkol sa tema.

**Paggawa ng ulat.** Sa huling hakbang, isinusulat ng mananaliksik ang ulat, pinipili ng mananaliksik kung aling mga tema ang nagbibigay ng makabuluhang kontribusyon sa pag-unawa sa kung ano ang nangyayari sa loob ng datos.

## Etikal na Konsiderasyon

Sa lahat ng oras, dapat panatilihin ng mananaliksik ang kapakanan ng mga kalahok at protektahan sila mula sa hindi kinakailangang stress (Cacciattolo, 2015). Binigyang pokus ang mga sumusunod na layunin: halagang panlipunan, nakapagbigay ng pahintulot ang mga kalahok, mga panganib, benepisyo, at kaligtasan, katarungan, transparensiya, kwalipikasyon ng mananaliksik, at paglahok sa komunidad.

## Presentasyon, Analisis, at Interpretasyon ng mga Datos

Ang kabanatang ito ay ang paglalahad, analisis at interpretasyon ng mga datos sa isinagawang pag-aaral na ito.

### Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo sa Kasanayan sa Pakikinig

Nakalikom ang mananaliksik ng pitong (7) lumitaw na tema batay sa karanasan ng mga kaguruan sa kasanayan sa pakikinig. Sumasalamin sa mga temang ito na napakahalagang bigyan ng tugon ang pangangailangan ng mga kaguruan upang mas mapalakas ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagtuturo gamit ang kasanayan sa pakikinig. Sa pamamagitan nito, makabuo nang sapat na interbensyon at maging prayoridad sa mga paaralan ang pagbuo ng mga plano sa pagsasanay sa mga kaguruan upang higit pang mapabuti at pagpapabilis na pakatuto ng mga mag-aaral.

### Lumitaw na Tema 1: Epekto ng Paggamit ng Kasanayan sa Pakikinig

Sa pag aaral na ito, ang unang lumitaw na temang nabuo ay ang epekto ng pagggamit ng kasanayan sa pakikinig ay ang napahusay ang pag-unawa ang nangungunang may pinakaraming tugon sa tanong tungkol sa mahalagang karanasan sa pagtuturo ng kasanayan sa pakikinig sa mga mag-aaral sa paaralang tinuturuan. Ito may makabuluhang kahulugan sa mga nabanggit mula sa isinagawang pakikipanayam at apat (4) mula sa siyam (9) na mga kalahok ng pag-aaral na nagpatunay na epektibo at napahusay ang pag unawa sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig.

Karamihan sa kanilang mga sagot ay magkatulad. Narito ang kanilang mga tugon na inilahad sa ibaba bilang pagpapatunay.

> Kalahok 2: *"Lumalago at nagiging mas mahusay sa pag-unawa at pagtanggap ng impormasyon"*
>
> Kalahok 3: *"Natututo nang mas mahusay at nauunawaan ang tagubilin"*
>
> Kalahok 4: *"Mahusay sa pag unawa at pagtugon sa impormasyon"*
>
> Kalahok 7: *"Madaling nakakaunawa sa mga aralin kapag sila ay nakikinig"*

> *"Madaling maabot ang kakayahan ng mga bata sa pagsagot sa pagtugon sa mga kasagutan"*

Ayon sa pananaliksik nina Rost at Wilson (2013), ang epektibong pakikinig ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong larangan kundi pati na rin sa interpersonal na komunikasyon. Ang mahusay na pakikinig ay nagbubunga ng mas malinaw na pag-unawa sa mensahe ng iba, na nagresulta sa mas epektibong pakipag-ugnayan at pagbigay ng tamang tugon.

Sa konteksto ng napahusay ang pag unawa, ipinapakita sa talahanayan na ito ng mga kalahok ang kanilang sagot na magkakatulad. Kabilang ang Kalahok 2, Kalahok 3 at Kalahok 4 na direktang binanggit mula sa kanilang pahayag ang salitang "mahusay" na tumutukoy sa kahusayan ng pag unawa sa pagtanggap ng impormasyon kapag ang mga mag-aaral ay nakikinig sa guro samantalang ang Kalahok 7 na hindi direktang sinabi sa kanyang tugon subalit kanyang binanggit na mas madaling nakakaunawa sa mga aralin kapag ang mga mag-aaral ay nakikinig at madaling naaabot ang kakayahan ng mga bata sa pagsagot at pagtugon sa mga kasagutan.

Kalahok 1*: "….mayroong interaksyon, may epektibong pakikinig"*

Kalahok 5: *"…nakatulong sa personal na pag-unlad ng mga mag-aaral"*

Kalahok 6: *"…. noong unang panahon kasi meron tayong tinatawag na minimal punishment."*
*"….discipline natin sa classroom that time wala pa masyadong maraming gadget inaatupag, wala pang mga telebisyon."*

Kalahok 8: *".....Ang bata sir is… participative, attentive sila."*

Kalahok 9: *".....Kasiyahan na naibigay mo ang lahat para sa mga mag-aaral mo po Sir!"*

Samantalang ang Kalahok 1 ang nagsabing mayroong interaksyon at epektibo ang pakikinig ang nararapat sa pagitan ng guro at ng mga mag-aaral upang masukat ang interes ng mga mag-aaral. Ang Kalahok 5 ay nagsabing sa pamamagitan ng pakikinig, nakatulong nang higit sa personal na pag unlad ng mga ito. Ang kalahok 6 ay nagsabing limitadong kaparusahan ang ibibigay kapag hindi sila nakikinig sa guro. Ito ay naging basehan niya bilang disiplina sa mga mag-aaral sa tuwing ang mga ito ay hindi nakikinig pagkokompara noong panahon hindi pa gaanong naisakatuparan ang *Child Protection Policy*. Ang Kalahok 8 ay sinabing dapat masiglang *(Participative, Attentive)* nakikilahagi sa anumang talakayan samantalang ang Kalahok 9 ay nagsabing kasiyahan ang naiibibigay sa guro sa tuwing nakikinig ang mga mag-aaral kapag nagtuturo ang mga ito.

Sa pag-aaral ni Anderson (2002)**,** ipinapakita sa pag-aaral niya na ang kakulangan sa aktibong pakikinig ay nagdudulot ng mababang antas ng pagganap sa akademiko at posibleng parusa sa anyo ng mababang marka, kakulangan sa partisipasyon, at negatibong feedback mula sa guro. Sa pag-aaral nina Delos Santos et al. (2024), natuklasang ang mga parusa sa hindi pakikinig sa guro ay naglalaman ng pagbawas sa partisipasyon sa mga aktibidad sa klase, pagbibigay ng

karagdagang gawain, at pag-uusap ng guro at mag-aaral upang maipakita ang epekto ng hindi pakikinig sa pagkatuto.

**Lumitaw na Tema 2: Pamamaraan sa Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Pakikinig**

Ang ikalawang lumitaw na tema mula sa karanasan ng guro sa pagtuturo ng kasanayan sa pakikinig ay ang mga pamamaraan sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pakikinig. Samantala lima (5) mula sa siyam (9) na mga kalahok ang nagsabing sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya ang isa sa mga nakitang paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa pakikinig.

Sa gabay na tanong ukol sa pamamaraan o estratehiya na ginagamit upang mapaunlad ang kasanayan sa pakikinig, karamihan sa mga sagot mula sa mga kalahok ay sa tulong ng makabagong teknolohiya. Sa katunayan, may malalim na kahulugan ang nais ipapahiwatig mula sa mga tugon batay sa isinagawang panayam.

Ang paggamit ng makabagong teknolohiya ang lumitaw bilang nangungunang katugunan mula sa mga kalahok sa mga pamamaraan o estratehiya na ginagamit upang mapaunlad ang kasanayan sa pakikinig. Ilan sa mga pagpatunay sa ideyang ito ng mga kalahok ay ang kanilang mga tugon:

> Kalahok 1: *"Interaktibong gawain sa loob ng klase sa tulong ng ICT" "Predicting o paghihinuha"*
>
> Kalahok 2: *"Diskusyon o talakayan" "Paggamit ng teknolohiya, audio clip at Videos"*
>
> Kalahok 3: *"Integrasyon ng Makabagong Teknolohiya (Use of Infornation and Communication Technology (ICT)"*
>
> Kalahok 6: *"Interactive lessons gamit ang ICT"*
>
> Kalahok 7: *"Paggamit ng Audio- Visual materials"*

Sa pag-aaral na isinagawa nina Gikas at Grant (2013**)**, ang paggamit ng *mobile technology* tulad ng *smartphones* at *tablets* ay nakakatulong sa mas mabilis na pagkuha ng impormasyon at mas interaktibong pag-aaral. Ayon naman sa pag aaral ni Prensky (2011**)**, ang mga kasalukuyang henerasyong mag-aaral ay tinatawag na "*digital natives"* sapagkat lumaki sila sa panahon ng teknolohiya. At dahil dito, mas nagiging epektibo ang paggamit ng *multimedia, virtual reality*, at *artificial intelligence (AI)* sa edukasyon.

Ilan pang mga tugon ng mga kalahok ay ang mga sumusunod:

> Kalahok 4: *"...gumagamit po ako ng iba't-ibang aktibidad katulad ng paggawa ng role-playing."*
>
> Kalahok 5: *"...mapaunlad ang kasanayan sa pakikinig ay ang mga sumusunod*

*Aktibong pakikinig, pagpapalawak ng bokabularyo, pagtatanong at pagsusuri."*

Kalahok 7:"……*bigyan sila na kaukulang panahon o kaukulang chance na hindi lng ikaw ang guro ang siyang nagsasalita buong maghapon."*
*"…magbigay ng kanilang experience related sa lesson mo para sa paraan po yong palitan ng ideya at basta ang mahalaga po ay kaakibat sa mga aralin na ibinahagi mo."*

Kalahok 9: *".....more on asking questions po Sir …activities Sir na mainvolve sila. Involvement of the learners."*

Ayon sa kay Kalahok 4, mas naging epektibo ang paggamit ng kasanayan sa pakikinig kapag ito naisagawa sa pagganap papel o *Role Playing* bilang pamamaraan o estratehiya na ginamit upang mapaunlad ang kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral. Ang Kalahok 5 naman ay nagsabing sa pamamagitan ng aktibong pakikinig, pagpapalawak ng bokabularyo, pagtatanong at pagsusuri nagagamit ang kasanayan sa pakikinig. Ang Kalahok 7 naman ang nagsabing sa pagbibigay *chance* sa mga mag-aaral na magsalita na hindi lahat mula sa mga guro samantalang si Kalahok 7 naman ay sa pamamagitan ng pagtatanong at pakikilahok sa mga gawain at Kalahok 9 ay nagsabing pagtatanong.

Ayon kay Ladousse, G. P. (2007), ang role-playing ay isang mabisang paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay natututo nang mas mahusay kapag sila ay aktibong kalahok sa mga gawaing pampagtuturo. Ayon kay Zigmont, J. J., Kappus, L. J., at Sudikoff, S. N. (2011), ang role-playing ay nagpapalalim ng kritikal na pag-iisip at paggamit ng lohika sa mga sitwasyon ng pagkatuto.

**Konteksto ng mga Karanasan sa Pagiging isang Guro Gamit ang Kasanayan sa Pakikinig**

Sa pag-aaral na ito, ang unang lumitaw na tema batay sa karamihan sa mga tugon mula ng mga kalahok ay damdaming dulot sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig. Lima (5) mula sa siyam (9) na mga kalahok ang nagpatunay sa kanilang naramdaman na kasiyahan sa tuwing ginamit ang kasanayan sa pakikinig. Sa katunayan, may malalim na kahulugan ang nais ipahiwatig mula sa tugon ng mga kalahok.

Ang ikalawang lumitaw na tema ay ang integrasyon ng Lokal na Kultura o wika gamit ang kasanayan sa pakikinig. Lahat ng mga kalahok ang nagsabing sa paraang kontekstwalisasyon ang integrasyon ng lokal na kultura o wika sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig.

**Lumitaw na Tema 1: Epektong Emosyonal at Sikolohikal**

Nakaramdam ng kasiyahan ang epektong emosyonal at sikolohikal sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig bilang katugunan ng karamihan sa mga kalahok sa pag-aaral na ito. Narito ang ilan sa kanilang mga katugunan:

Kalahok 3: *"Nakaramdam ng galak, tuwa at pag-asa"*
Kalahok 4: *"Nakaramdam ng kasiyahan at pag-asa"*
Kalahok 5: *"Nakaramdam ng sabik at kasiyahan na maibahagi ang mga kaalaman at kasanayan sa mabuting pakikinig"*

Kalahok 8: *"Pagiging masaya ang nararamdaman"*
Kalahok 9: "*Pagiging masaya"*

Sa pananaliksik na isinagawa nina Goleman (1995) tungkol sa *emotional intelligence*, ipinakita na ang epektibong pakikinig ay nagtataguyod ng mas matibay na relasyon sa ibang tao, na siyang nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng kasiyahan. Ang empatikong pakikinig, kung saan ang isang tao ay nakikinig nang may tunay na pag-unawa sa damdamin ng iba, ay nagdudulot ng positibong koneksyon at nagpapalakas ng interpersonal na relasyon.

Narito ang ilan pang tugon ng ba pang kalahok.

Kalahok 1: *"….ang damdamin ng pagiging isang Nanay, pagiging tagapayo."*

Kalahok 2: *"….kasiyahan. Nakaramdam ako kapag sila ay nagpapakita ng kabutihan, pag-unawa at pagtanggap ng impormasyon."*

Kalahok 6: *"…i'll makes sure I am giving learners different hands on activities where in sila na mismo ang mag-iisip."*

Kalahok 7: *"…para sa akin iyong damdamin ng pagiging ina. Kasi icompare natin sa bahay iyong mga anak natin na nakikinig sa salita ng ina."*

Ang mga kalahok 1 at 7 ang nagsabing ang pagiging isang ina ang umiiral bilang guro sa silid-aralan. Mas higit aktibo ang partisipasyon ng guro at mga mag-aaral kapag puso ng pagiging ina ang nangingibabaw sa bawat pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang Kalahok 2 ay nagsabing pagpapakita ng kabutihan ang paiiralin sa bawat pagkatuto ng mga mag-aaral samantalang ang Kalahok 6 ay nagsabing pagbibigay ng different hands-on-activities sa bawat talakayan.

Ayon kay Rosenblatt (2016)**,** ang pagiging ina ay nagdadala ng halo-halong emosyon tulad ng kagalakan, pagkapagod, pagkabalisa, at katuparan. Ang mga ina ay nakakaranas ng mataas na antas ng stress dahil sa mga responsibilidad na kaakibat ng pag-aalaga sa anak, ngunit nagkakaroon din sila ng pakiramdam ng kaligayahan at katuparan kapag nakikita nilang lumalaking maayos ang kanilang anak. Ayon kay Lareau (2011)**,** ang mga ina na gumagabay at nagpapayo sa kanilang mga anak ay may mahalagang papel sa paghubog ng kumpiyansa at kakayahan ng bata sa pakikisalamuha at pag-aaral. Ang positibong komunikasyon at emosyonal na suporta ay nagtataguyod ng mas malalim na koneksyon sa pagitan ng magulang at anak.

**Lumitaw na Tema 2: Integrasyon ng Lokal na Kultura o Wika sa Gamit ang Kasanayan sa Pakikinig**

Para sa ikalawang lumilitaw na tema, ang integrasyon ng lokal na kultura o wika gamit ang kasanayan sa pakikinig ang nabuo. Lahat ng mga kalahok ay kontekstwalisasyon ang paraan sa integrasyon ang lokal na kultura o wika. May malalim na pagpapahiwatig na kahulugan mula sa panayam na ito.

Narito ang mga tugon ng mga kalahok sa mga pagpatunay sa ideyang ito:

Kalahok 1: *"Paggamit ko ng mga lokal na kuwento sa pagtuturo gamit ang kasanayan sa pakikinig"*

Kalahok 2: *"Paggamit ko ng mga kuwento, awit, mga kasabihan"*
Kalahok 3: *"Paggamit ko ng mga kuwentong Lokal/awit sa talakayan"*
Kalahok 4: *"Paggamit ng lokal na wika. Paggamit ng mga kuwento"*
Kalahok 5: *"Paggamit ng lokal sa pagsasalin ng mga kahulugan sa Pagbibigay ng mga panuto"*

Kalahok 6: *"May bisaya, may ilokano, may maguindanaon. Kaya pag hindi nauunawaan ng mga bata ko ang English term, next ko na gagawin ay pinapasok ay ang Filipino term"*
Kalahok 7: *"May bisaya, may ilokano, may maguindanaon. Kaya pag hindi nauunawaan ng mga bata ang English term, next ko na gagawin ay pinapasok ay ang Filipino term. Then etranslate ko pa sa kung ano sa bisaya term, e translate ko rin sa tagalog term, sa Ilokano at least kahit papano may ilang term din akong alam sa Ilokano, Maguindanaon. mayroon ding Ilokano"*

Kalahok 8: *"Tinatranslate lng namin kapag hindi na nila naiintindihan"*
Kalahok 9: *"Kapag hindi pa rin po nila naiintindihan, magbigay pa ng more on activities. Gintranslate ko po sir kapag hindi nila naiintindihan"*

Mula sa lumitaw na tema, iisa lamang ang nabuo sa pinagpangkat na tema. Mapapansin mula sa kanilang mga tugon ang pagkakapareho ng kanilang mga ideya ukol sa kontekstwalisasyon.

Ayon sa pag-aaral ni Richards (2008), ipinakita na ang paggamit ng mga lokal na kwento, awit, at dayalekto sa pakikinig ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng partisipasyon at interes ng mga mag-aaral. Sa ganitong konteksto, mas nagiging episyente ang pagkatuto ng wika dahil ito ay may kaugnayan sa kanilang buhay at kultura. Ayon kay Cummins (2000), ang paggamit ng lokal na wika sa pakikinig ay hindi lamang nagpapataas ng pagkatuto kundi nakakatulong din sa pagpapatibay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa ikalawang wika

**Kabihasaan ng Guro sa Hinaharap Gamit ang Kasanayan sa Pakikinig**

Sa pag-aaral na ito, ang lumitaw na tema ay kabihasaan ng guro sa hinaharap gamit ang kasanayan sa pakikinig. Limang (5) kalahok mula sa siyam (9) ay ang nagsabing pagbibigay ng tulong teknikal sa pagpapabuti ng pagtuturo gamit ang kasanayan sa pakikinig. Kabilang sa mga nagsabi ay sina kalahok 2, 3, 4, 5 at 7. May malalim na pagpapahiwatig na kahulugan mula sa mga sagot ng mga kalahok.

**Lumitaw na Tema 1: Kabihasaan ng Guro sa hinaharap Gamit ang Kasanayan sa Pakikinig**

Narito ang mga tugon ng limang (5) kalahok na nagsabing pabibigay ng tulong teknikal sa mga kaguruan para sa kabihasaan sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig.

> Kalahok 2: "*Makapagprovide ng Technical assistance sa aking kapwa guro sa paggamit ng kasanayan sa pakikikinig".*

> Kalahok 3: *"Magiging advocate ako sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig at magbahagi ng karanasan sa aking kapwa kaguruan sa pagpapalalim ng paggamit ng kasanayan sa pakikinig"*

> Kalahok 4: *"Maaring makapagbigay na rin ako ng Technical assistance sa aking kapwa kaguruan lalo na ang mga newly hire na mga guro sa paggamit at pagpapabuti sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig".*

> Kalahok 5: *"At kapag may mameet ako na mga mag-aaral ko before na naging guro na rin, aking ererekomenda ang pag iibayong gamit ng kasanayan sa pakikinig dahil mas lubusang makuha ang leksyon kapag Gagamit ang kasanayang ito"*

> Kalahok 7*: "Makita ko ang mga mag-aaral na tagumpay sa kanilang buhay" "Maari siguro akong magbahagi ng mga ilang tips upang maging epektibo ang pagtuturo ng mga guro."*

> Kalahok 9: *"Makapagprovide ako ng technical assistance sa mga guro sa pagpapalawak sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig"*

Ang mga kalahok 2, 3, 4, 5 at 7 ay ang mga nagsabing pagbibigay tulong teknikal sa pagpapabuti ng pagtuturo gamit ang kasanayan sa pakikinig ang paghahandang gagawin ng mga guro sa

hinaharap. Mapapansin sa kanilang mga katugunan ang pagkakapareho ng nilalaman ng kanilang mga ideya.

Ayon sa pag aaral nina Ertmer at Ottenbreit-Leftwich (2013), ang pagbibigay ng tulong teknikal sa mga guro ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo. Ipinapakita ng pag-aaral nina Johnson et al. (2016) na ang paggamit ng teknolohiya, tulad ng digital audio recordings at online listening platforms, ay nakatutulong upang mapabuti ang kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral. Ang pagsasanay sa mga guro sa tamang paggamit ng teknolohiyang ito ay isang pangunahing hakbang sa pagbibigay ng teknikal na suporta.

Maliban sa karamihang tugon ng mga kalahok na pagbibigay tulong teknikal, narito rin ang mga tugon ng iba pang kalahok.

Kalahok 1: *"….magiging produktibo ang aking pagtuturo gamit ang kasanayan sa pakikinig bilang daan upang lubusang maintindihan ng mga mag-aaral ang aking aralin."*
Kalahok 6: *"….magresearch pa rin ng iba't-ibang estratehiya….dahil sa mga experience ko naabot ko ngayon."*
Kalahok 8: *"…maaring gagawa ako ng mga training design sa pagpapabuti sa kasanayang ito."*

Ang Kalahok 1 ay nagsabing maging produktibo sa pagtuturo ng kasanayan sa pakikinig bilang daan upang lubusang maintindihan ng mga mag-aaral. Ang Kalahok 6 ay nagsabing sa pagsisiyasat *(research)* ng iba'-ibang estratehiya na makatulong sa talakayan samantalang ang kalahok 8 ay nagsabing gagawa ng Disenyo ng Pagsasanay *(Training Design)* sa pagpabuti kasanayan sa pakikinig.

**Benepisyo sa Pagtuturo Gamit ang Kasanayan sa Pakikinig**

Sa pag-aaral na ito, ang lumitaw na tema ay ang benepisyo sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig samantalang sa ikalawa ang lumitaw na temang nabuo mula sa pinangkat na tema ay ang mga mungkahing pamamaraan sa pagtuturo gamit ang kasanayan sa pakikinig.

**Lumitaw na Tema 1: Benepisyo sa Pagtuturo sa Kasanayan sa Pakikinig**

Sa pag-aaral na ito, ang lumitaw na tema ay benepisyo sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig. Tatlo (3) mula sa siyam (9) na kalahok ang nagsabing pagkapuno ng responsibilidad *(fulfillment)* ang benepisyong nakuha nila mula sa paggamit ng kasanayan sa pakikinig. Kabilang sa mga nagsabi ay sina Kalahok 1, Kalahok 8 at kalahok 9.

Patunay rito ang ilan sa mga katugunan ng mga kalahok:

Kalahok 1: "*….napabuti ko ang aking pagtuturo which is nagkaroon ako ng fulfilment"*

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 18-38

Kalahok 8: *"...Fulfilled"*

Kalahok 9: *"...Satisfied at the same time fulfilling"*

Batay sa kanilang mga naging katugunan, nakapagdulot ng pagkapuno ng responsibilidad (fulfillment) sa mga kaguruan sa pamamagitan ng partisipasyon at kolaborasyong sa bawat talakayan

.

Sa isang pag-aaral nina Ryan at Deci (2000) hinggil sa *Self-Determination Theory,* ang kakayahan ng isang guro na makinig ay may direktang epekto sa kanilang *intrinsic motivation.* Ang mga gurong nararamdaman na sila ay naiintindihan at nirerespeto sa pamamagitan ng aktibong pakikinig ay mas nagiging masaya at natutupad sa kanilang propesyon.

Narito ang ilan pang mga katugunan ng iba pang mga kalahok.

Kalahok 2: *"....magpahalaga sa mga salita at empatiya at pakikinig sa ideya mula sa tao"*

Kalahok 3: *".....sa sobrang dami po ay siyempre, mas napapalago talaga ang sarili at ang mga teknik sa pagtuturo."*

Kalahok 4; *".....mas maging mahusay ang pakikipag-ugnayan ko sa aking mga estudyante."*

Kalahok 5: *"....ang benepisyo na nakuha ko sa pakikinig ay ang pagpapanatili ng komunikasyon."*

Kalahok 6: *"....madaling nakakaunawa sa mga aralin at nakakakuha ng atensyon sa guro."*

*".....naunawaan ko ang mga mag-aaral sa pinakamababang lebel na kanilang pag unawa.*

Kalahok 7: *"....ibig sabihin ang standard ni Teacher dapat hindi iyon ang abutin ni bata kundi ang standard ni bata iyon ang habulin ni Teacher."*

Ang Kalahok 2 ay nagsabing pagpapahalaga, empatiya at pagtanggap ng ideya mula sa tao. Kalahok 4 naman ay mahusay ang pakikipag-ugnayan sa kanyang mga estudyante dahil sa pagtuturo gamit ang pakikinig. Ang Kalahok 5 naman ay nagsabing pagpanatili ng komunikasyon at pagpabuti ng kasanayan. Samantalang ang Kalahok 6 ang nagsabing pag unawa sa mga aralin at pagkuha ng atensyon sa guro at nakasagot sa mga tanong. Samantalang ang Kalahok 7 ay pag unawa, inaalam at nakiayon sa lebel ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon sa pag-aaral ni Pianta, R. C. (2016)**,** ipinakita sa kanyang pag-aaral na ang positibong ugnayan ng guro at mag-aaral ay may direktang epekto sa akademikong tagumpay at pag-uugali ng mag-aaral. Ang emosyonal na suporta at epektibong komunikasyon ng guro ay nagpapataas ng motibasyon at tiwala ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Cornelius-White, J. (2007)**, s**a isang meta-analysis, ipinakita na ang relasyon ng guro at mag-aaral na batay sa respeto, pakikinig, at positibong komunikasyon ay may kaugnayan sa mas mataas na antas ng motibasyon at pagganap ng mga mag-aaral.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 18-38

**Lumitaw na Tema 2: Mungkahing Pamamaraan sa Pagtuturo Gamit ang Kasanayan sa Pakikinig**

Sa ikalawang lumitaw na tema, karamihan sa mga sagot ng mga kalahok ay ang paggamit ng mga estratehiya sa kasanayan bilang mungkahi sa pagtuturo ng kasanayan sa pakikinig. Tatlo (3) mula sa siyam (9) na mga kalahok ang nagsabing paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng kasanayan ang kinakailangan. Kabilang sa mga nagsabi ay ang kalahok 1, 8 at 9. May malalim na pagpapahiwatig na kahulugan mula sa mga sagot ng mga kalahok.

Ilan sa pagpapatunay rito ang mga katugunan ng mga kalahok:

> Kalahok 4: "*Paggamit ng iba't-ibang estratehiya sa pagtuturo ng pakikinig.*"
> Kalahok 5: *"Gumamit sila ng iba't-ibang uri ng estratehiya sa pagtuturo, magbigay ng klaro at malinaw na instructions sa mga talakayan".*
> Kalahok 6: "Nakagawa ako ng mga strategies na dapat kong ibigay para makuha mo ang attention nila upang makinig"

May ilang pag-aaral na ang mga guro ay dapat gumamit ng iba't ibang estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan sa pakikinig ng kanilang mga mag-aaral. Sa pag aaral na isinagawa nina Nation at Newton (2009), ang paggamit ng *authentic listening materials* o tunay na materyales sa pakikinig, tulad ng mga panayam, dayalogo, at balita, ay maaaring makatulong sa pagbuo ng tunay na kakayahan sa pakikinig. Maliban dito, ang paggamit ng *interactive listening activities*, tulad ng *group discussions* at role-playing, ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng kakayahan sa pakikinig ng mga mag-aaral.

Narito ang ilan pang mga mungkahi ng iba pang mga kalahok.

> Kalahok 1: *" .....dapat pong hikayatin ang mga mag-aaral sa aktibong pakikinig."*
> Kalahok 2: *".....magbigay ng pagkataon sa mga mag-aaral na makapagsalita at magpahayag ng kanilang mga saloobin at ideya"*
> Kalahok 3: *".....maging mapanuri sa mga mga-aaral at konsederahin ang maraming bagay."*
> Kalahok 7: *"....ang pinakamahalaga ay kilala mo ang sarili mo ay kung ano ang kaya mong ibigay sa mga bata."*
> Kalahok 8: *".....paiigtingin pa lalo ang pagplan ng lesson plan kasi guided tayo dito sa pagdeliver ng lesson."*
> Kalahok 9: *"……kapag may mga bata sila na hindi nakakaintindi, kailangan nilang turuan nang mabuti Sir."*

Magkakaiba ang ilan sa mga mungkahi kabilang ang Kalahok 1 na nagsabing aktibong pakikinig ang kailangan. Kalahok 2 ay makapagsalita at makapagpahayag ng saloobin at ideya sa kanilang narinig. Ang kalahok 3 naman ay nagsabing maging mapanuri sa mga mag-aaral samantalang ang kalahok 7 naman ay nagsabing pagkilala sa sarili at kung ano ang kayang ibigay sa mga mag-aaral.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 18-38

Ang kalahok 8 naman ang nagsabing pagpapaigting sa paghahanda ng Banghay Aralin kasi masundan ang leksyon at kalahok 9 naman ay pagtuturo nang mabuti sa mga batang hindi nakakaintindi.

Ayon kay Rost (2011), ang aktibong pakikinig ay higit na nagiging epektibo kung ang guro ay nagtataguyod ng interaktibong pag-uusap sa klase. Ang pagtatanong ng mga bukas na tanong at pagbibigay ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang opinyon ay nagpapalalim ng pag-unawa at nagtataguyod ng aktibong pakikinig. Sinusuportahan din ito ni Brown (2014), na nagsasabi na ang *participative discussion* ay nagdaragdag ng atensyon at paglahok sa pakikinig.

Ang mananaliksik ay nakalikom ng pitong (7) lumitaw na tema batay sa karanasan ng mga mga guro sa pagtuturo sa kasanayan sa pakikinig. Mayroong kabuuang tatlumpu't apat (34) na pinagpangkat na tema. Sa unang tema, mayroong tanim (6) na pinagpangkat na tema. Sa ikalawang lumitaw na tema, mayroong lima (5) na pinagpangkat na tema. Sa ikatatlo na tema mayroong apat (4) na pinagpangkat na tema. Sa ikaapat, mayroon lamang isa (1) samantalang sa ikalima mayroon apat (4) At ang ikaanim at kapitong tema, mayroong tig pipitong (7) pinagpangkat na tema ang nabuo. Sumasalamin sa mga temang ito na napakahalagang bigyan ng tugon ang pangangailangan ng mga kaguruan upang mas mapalakas ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagtuturo gamit ang kasanayan sa pakikinig.

**Konklusyon**

Ang mga sumusunod na konklusyon ay batay sa pinagsama na umusbong na mga tema at pananaw ng mga kalahok.

Ito ay nakabatay sa mga impormasyong nakalap, pagpapatotoo mula sa mga kuwento na ibinahagi ng mga gurong-kalahok. Sa resultang nakalap, malaki ang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, ang paggamit ng kasanayan sa pakikinig. Isa itong mahalagang aspekto ng komunikasyon at pagkatuto sa pagitan ng guro at mag-aaral. Mas mahusay na nauunawaan ang mga konsepto at ideya sa tuwing ang mga mag-aaral ay nakikinig nang maigi at madaling maproseso ang kaalaman at kasanayan sa tulong ng malikhaing paggamit sa mga estratehiya ng guro. Ang mahusay na pakikinig ay nagbubunga ng mas malinaw ng pag-unawa sa mensahe ng iba, na nagresulta sa mas epektibong pakipag-ugnayan at pagbigay ng tamang tugon. Higit na mapapahusay ang mga kasanayan sa napapanahong kahiligan ng mga ito, ang paggamit ng makabagong teknolohiya. Ito ay may malawak na implikasyon sa iba't ibang aspekto ng buhay kabilang na ang edukasyon, trabaho, komunikasyon, at kalusugan.

Sa epektong emosyonal at sikolohikal sa konteksto ng mga kaguruan, higit nilang nararmdaman ang kasiyahan sa tuwing nakikinig ang mga mag-aaral sa mga ito. Mas napapabilis ang pagkatuto ng mga ito dahil higit na nabibigyan ng oportunidad sa mas malawak at mabilis na pag unawa. Sa paraang kontekstwalisasyon, isang mabisang paraan sa pagpapabuti ng pagtuturo at interaktibong pagganap sa mga talakayan at gawaing pagkatuto. Mas aktibo ang partisipasyon ng mga mag-aaral dahil nakakonekta ang mga ito ayon sa konteksto na kanilang kinagagalawan.

Sa pananaw ng nakararaming gurong nakapanayam, ang pagbibigay tulong teknikal para sa pagpapabuti ng kasanayan sa pakikinig ang mas higit na bigyan ng pansin ng mga namumuno sa mga paaralan. Mabigyan ang mga kaguruan ng mga kaalaman at mga pagsasanay upang higit na mapalawak ang kagalingan sa paggamit ng kasanayang ito. Ang aktibong pakikinig ay makatulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin, dahil natututuhan nilang suriin at bigyan ng kahulugan ang mga impormasyong kanilang narinig. Higit na nakapuno ng responsibilidad *(fulfilment)* bilang isang guro sa tuwing nakikinig ang mga mag-aaral dahil mabilis na matutugunan sa pagpapabuti ng kanilang mga kasanayan at kaalaman.

Malaki ang pakinabang ng paggamit ng kasanayan sa pakikinig dahil napapanatili nito ang maayos na ugnayan at aktibong interaksyon ng mga guro at mga mag-aaral sa aralin. Sa pamamagitan ng mga aktibidad sa pakikinig, higit na nahahasa ang kagalingan at disiplina ng mga mag-aaral sa pagharap sa mga hamon sa buhay. Ang pagkakaroon ng mas malayang pagtuturo ay naayon sa kakayahan ng mga guro na magamit ang kanilang malikhaing pamamaraan na makatulong sa pagbuo ng mas epektibong pagkatuto sa pakikinig. Ang kanilang personal na diskarte sa pagtuturo ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pakikinig.

Bagamat maraming hamon sa pagtuturo ng pakikinig, naobserbahan ang unti-unting pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral na makinig nang may pag-unawa. Ang pagbibigay ng agarang *feedback* at pagbibigay ng tiyak na mga gawain sa pakikinig ay nagresulta sa mas mataas na antas ng pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Sanggunian**

Anderson & Hennessey, (2003) Anderson, N. J. (2003). *Teaching Reading*. In D. Nunan (Ed.), Practical English Language Teaching (pp. 67-86). New York: McGraw-Hill Publishers.https://www.scirp.org/journal/paperinformation?paperid=75472

Anderson & Schunck, (2012). Self-regulation and learning. *Cognitive psychology and* Anderson, J. R. (2002**).** *Cognitive psychology and its implications* (6th ed.). Worth Publishers.Learning theories: *An educational perspective* (6th ed.).

Angeles, M., (2014). *Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag unawa sa pagbasa ng mga Mag-aaral na nasa Antas ng Frustration.* https://www.academia.edu/123343512/

Apilado, K. (2021). *The use of data analytics in multi-sensory evaluation of guests in* Beebe, S. A., Beebe, S. J., & Ivy, D. K. (2019). *Communication principles for a lifetime* (7th ed.). Pearson Education. https://www.bing.com/ck/a

Beebe, S. A., Beebe, S. J., & Redmond, M. V. (2017). *Interpersonal communication: Relating to Others*. https://chatgpt.com/c/674f9671-99f0-8000-98b1

Belarga, B., Guiquing-Clemente, B., Tulawie, A., Alih, C., Caban, R., & Manois, F. R. (2025). From Page to Praxis: The Role of Regional Literature in Shaping Culturally Grounded Teaching Methods in HEIs. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 356–371. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.206

Blatchford, P., Bassett, P., & Brown, P. (2011). "*Examining the Effect of Class Size on Classroom Engagement and Teacher-Pupil Interactions.* https://www.bing.com/ck/a

Brown, B. (2018). *aktibong pakikinig" o "listening actively. Dare to lead: Brave Work.Tough conversations. Whole hearts. Random house.*

Brownell, J. (2012). *Listening: Attitudes, Principles, and Skills*. Pearson Higher Ed.

Butac, S., Manera, A., Gonzales, E., Paller, R., Eustaquio, M. T., & Tandoc, J. J. (2025). Forging Global Citizens: A Comparative Study of Intercultural Pedagogical Practices of Higher Educational Institutions in the Philippines. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 62–79. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.171

Caliboso, J., Bagalay, B., Santiago, M. grace, Bayan, R., Aguinaldo, I., & Belo, J. (2025). Literary Texts as Cultural Tools: A Study on Contextualized Learning Strategies in Philippine Higher Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 340–355. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.205

Cancisio, R. (2018). *Kung Paano Magiging Mabuting Tagapakinig*. Academia.edu. https://www.academia.edu/35974108/Kng_Paano_Magging_Mbting_Tagapa.

Cavangklang & Suppasetseree (2018). *Comprehension through a flipped cooperative classroom* V-06, Issue-06, pp-55- https://doi.org/10.20319/pijss.2018.43.238261

Cohen, A. D. (2000). Strategies-Based Instruction for Learners of a Second Language. *NASSP Bulletin*, *84*(612), 10–18. https://doi.org/10.1177/019263650008461203

Creswell, J.M (2013). *Qualitative inquiry and research design*. Choosing among five approaches. Sage Publications.

Cruz, J.G. (2020*) Epekto ng teknolohiya at pisikal na kondisyon ng silid-Aralan sa kakayahan ng mga Mag-aaral na Makinig* https://www.researchgate.net/publication/378498016

Dela Cruz, L., Aguinaldo, I., Alzate, L. J., Camero, C., Abiado, K. R., & Gumpal, B. (2025). Fostering Intercultural Competence through Culturally Responsive Pedagogy: Practices and Perspectives in Philippine Higher Education Institutions. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 36–50. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.187

Dela Cruz, L., Manera, A., Ramirez, E., Macato, D., Catbagan, R. J. I., & Tulawie, A. (2025). Bridging Cultures in the Classroom: Analyzing Pedagogical Approaches that Promote Intercultural Competence in Multicultural Higher Education Settings. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 242–261. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.202

Delos Santos et al., (2024). *Antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang pampanitikan.* https://www.scribd.com/user/295057913/Jayzelle-Crisostomo-delos-Santos

Eustaquio, M. T., Clemente, R., Joaquin, M., Manaois, F. R., Alih, C., & Tulawie, A. (2025). Reimagining Pedagogy through Cultural Narratives: Integrating Philippine Literature in Higher Education Classrooms. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 262–277. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.203

Gadaza, A., Manera, A., Caban, R., Alih, C., Tulawie, A., & Picpican, H. (2025). Cultural Identity and Historical Consciousness: A Study of Philippine History Instruction in Tertiary Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 19–35. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.135

Gadaza, A., Manera, A., Santos, S., Alih, C., & Caban, R. (2025). Reviving the Past, Teaching the Future: The Role of Philippine Cultural Heritage in Curriculum Development of Teacher Education Programs Focus. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 80–97. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.169

Gagné, R. M., & Driscoll, M. P. (1988). *Principles of instructional design* (4th ed.). Holt, Rinehart and Winston

Gardner, H., (2013) *Howard Gardner's Theory of multiple intelligences*.

Goh, C. C. M. (2000). *A typology of listening strategies: A model for second language learners. System*, 28(1), 55-75.

Kilag et.al., (2023). *Teoryang Sosyokultural* sa *Journal of Learning on History and Social Sciences*. Silkroad Science Journal. https://scholar.google.com/citations

Kristiansen, L., Lif, U., & Asklund, H. (2017). Experiences on Participation in Literary Activities: Intellectual Stimuli Empower People with Mental Health Problems. *Open Journal of Nursing*, *07*(11), 1307–1323. https://doi.org/10.4236/ojn.2017.711094

Larkin, Shirley, (2023) *Metacognition and Education: Future Trends* https://www.routledge.com/Metacognition-and-Education-Future-

Law, A.M. and Kelton, W.D. (2000) *Simulation Modeling and Analysis*. McGraw-Hill, Boston. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=27

*listening: A phenomenological perspective*. Journal of Language Teaching and

Lopez, A. (2020). *Ang kahalagahan ng pakikinig sa komunikasyon at edukasyon: Mga salik na nakakaapekto at mga kasanayan sa pagpapabuti nito*. [Unpublished master's thesis]. Pp56-57 V.2

Manera, A., Dalaten, M. A., Matammu, C., Catungal, M., Prestoza, M. J., & Ligutan-Siplac, G. (2025). Narratives of Nationhood: Culturally Attuned Pedagogies for Filipino Literature in a Multilingual Educational Landscape. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 296–312. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.158

Michael, C. (2021). *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan Sentro ng Wikang Filipino* - Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

Narvaez, D., & Panksepp, J., (2010) "*Evolution, Early Experience and Human Development*: From Research to Practice and Policy, http://sites.nd.edu/darcianarvaez/primalparentingposts

Navasca, R., Abaquita-Espiritu, J., Calaranan, M., Navasca, M., Tugelida, N. B., & Tamayo, S. (2025). Culturally Rooted Pedagogies in Technical-Vocational Education: Teaching Practices and Cultural Integration among TVL-TLE Instructors and Professors in Philippine Higher Education. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 372–387. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.207

Rahaman, (2023) *Mga kasanayan sa pakikinig sa komunikasyon*: 2023 Kumpletong
*Recognition of Celebrity Voices, Perceptions of Vocal Pleasantness*, and

*Reyes, W., (2020) Values Education, English, o Communication Arts, Journal of*

Santos, R. M., & Delos Reyes, L. P. (2020). *The challenges and strategies in teaching*

Sebastian, et.al, (2009), *Social brain development and the affective consequences of ostracism in adolescence*. https://doi.org/10.1016/j.bandc.2009.06.008
*selected hotels in National Capital Region* (NCR). https://www.bing.com/ck/a

Smith, J. A. (2020). Understanding content and emotion in communication. *Journal of*
The Journal of Communication, (2015)., "*Empathy in Communication*",

Vinney, C. (2024) *That Sounds Familiar: The Relationship Between Listeners'*